REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

# KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 04-287

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATIBAY SA KAHILINGAN NG HILLSVIEW HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC., NA PALUWALAN MUNA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG HALAGANG APAT NA MILYON ANIMNARAAN AT DALAWAMPU'T ISANG LIBONG PISO (P4,621,000.00) BILANG BAHAGI NG KABUUANG BAYAD SA LUPANG IPINAGBIBILI NG PAMILYA NI EDGARDO LAPUZ SA NABANGGIT NA SAMAHAN SA ILALIM NG PROGRAMANG PABAHAY AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD MGGL. JAIME R. FRESNEDI NA PUMASOK AT LUMAGDA SA KONTRATA KAUGNAY DITO.**

*********************************************************************************************

**Ipinanukala ni:** ***Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Bal Niefes***
***Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Rene Carl S. Cayetano***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Santiago V. Carlos, Jr.***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Christian Glenn D. Lorica***

*********************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang ***Batas Republika 7160*** na mas kilala bilang *Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 (Kabanata 2, Seksiyon 17)* sa bahagi ng Pangunahing Serbisyo at Pasilidad, Talata b, Bahagi 3 (VII) ay nagsasaad ng "***pagkakaroon ng programa at proyekto ng mga lokal na pamahalaan para sa Panlipunang Pabahay";***

**SAPAGKAT,** ayon sa **Batas Republika Bilang 7279** na mas higit na kilala bilang "Batas para sa Panlungsod na Kaunlaran at Pabahay ng taong 1992, Artikulo X, Seksiyon 39, "***ang mga lokal na pamahalaan ay inaatasan na magpapatupad ng programang panlipunang pabahay sa kanilang nasasakupang lugar***";

**SAPAGKAT,** batay sa mga nabanggit na batas, hangarin ng Lungsod ng Muntinlupa na matamo ang isang panlipunang pagpapabuti sa mamamayang kapuspalad at walang katiyakan sa paninirahan sa pamamagitan ng Kalunsuran na Pagbabago at Panlipunang Katarungan upang ma-iangat ang kalagayan sa pamumuhay ng mga mamamayan;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.: 842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196

**SAPAGKAT**, ang samahang **Hillsview Homeowners Association, Inc.**, ay isang samahan ng mga maralitang tagalungsod na nagnanais magkaroon ng kaseguruhan sa kanilang paninirahan at kasalukuyang kaakibat ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa hangaring mabili ang kapirasong lupa, upang maging relocation site para sa mga kasapi nito, sa pamamagitan ng Community Mortgage Program (CMP) ng National Home Mortgage Finance Corporation (NHMFC);

**SAPAGKAT**, ang pagkilos ng nasabing samahan at ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay alinsunod sa Seksiyon 31, Artikulo VIII ng Batas Republika Bilang 7279, sa kadahilanang ang karamihan sa mga kasapi ng samahan ay pinapaalis na ng may-ari ng lupang kinatitirikan ng kanilang mga bahay kaugnay sa bisa ng utos ng husgado;

**SAPAGKAT**, binibili ng Hillsview Homeowners Association, Inc., ang lupa na pag-aari ng Pamilya Lapuz sa pamamagitan ng CMP ng NHMFC na may Katibayan ng Pagmamay-ari Bilang, 6665 at may kabuuan sukat na Apat na Libo Pitong Daan at Walumpu't Anim (4,786) na metro kuwadrado at may kabuuang halaga na Isang Libo at Limang Daang Piso (P1,500.00) bawat metro kuwadrado at may kabuuang halaga na Pitong Milyon Isang Daan at Pitumpu't Siyam na Libong Piso (P7,179,000.00);

**SAPAGKAT**, ang may-ari ng lupa na kinatawan ni EDGARDO S. LAPUZ ay humihiling sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na mabayaran na ang kakulangan na halagang Apat na Milyon Anim na Daan at Dalawampu't Isang Libong Piso (P4,621,000.00) sa ilalim ng programang Land Banking/Interim Financing for Socialized Housing ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, bilang bahagi ng kabuuang bayad sa lupa;

**SAPAGKAT**, ang nasabing paluwal muna ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay ibabalik din ng samahan, mula sa mauutang nitong halaga sa CMP ng NHMFC, sa bisa ng Deed of Assignment na lalagdaan sa pagitan ng may-ari ng lupa at ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na kinatawan ng Punonglungsod Mggl. Jaime R. Fresnedi.

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHANG PAGTIBAYIN,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ang kahilingan ng ***Hillsview Homeowners Association, Inc.***, na paluwalan muna ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ang halagang ***Apat na Milyon Animnaraan at Dalawampu't Isang Libong Piso (P4,621,000.00)*** bilang bahagi ng kabuuang bayad sa lupang ipinagbibili ng pamilya ni **Edgardo Lapuz** sa nabanggit na samahan sa ilalim ng programang pabahay at nagbibigay ng kapangyarihan sa **Punonglungsod Mggl. Jaime R. Fresnedi** na pumasok at lumagda sa kontrata kaugnay dito.

**PINAGTIBAY**, ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-**12 ng Pebrero 2004**, sa ginanap na **104 Regular** na Sesyon.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.: 842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

***Pahina 3***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 04-287***

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**SANTIAGO V. CARLOS, JR.**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.:842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

***Pahina 4***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 04-287***

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Pansamantalang Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________